PAGLABAS NG BALITA
2016 NA BUDGET NG ONTARIO

Ang Mga Pamumuhunan ng Ontario ay Lumilikha ng Mga Trabaho para sa Ngayon at Bukas

Nagpapatuloy ang Pamahalaan sa Plano nitong Palaguin ang Ekonomiya, Lumikha ng Mga Trabaho at Balansihin ang Budget sa 2017–18

BALITA Pebrero 25, 2016

Pinalabas ngayon ng Ministro ng Pananalapi (Finance Minister) na si Charles Sousa ang *2016 Budget ng Ontario: Mga Trabaho para sa Ngayon at Bukas,* na nagbabalangkas sa susunod na yugto ng plano ng pamahalaan para lumikha ng mga trabaho at ekonomikong paglago. Mahigit sa 600,000 trabaho ang nilikha mula noong pagbaba dulot ng resesyon noong Hunyo 2009. Inaasahang lumikha ang Ontario ng mahigit sa 300,000 karagdagang trabaho sa pagtatapos ng 2019, na magdadala sa kabuuang paglikha ng trabaho sa mahigit 900,000 netong bagong trabaho sa 10-taong panahon. Pinapanukala ng Ministro ng Pananalapi (Ministry of Finance) ang paglago sa Ontario ng tunay na GDP na 2.5 porsiyento sa 2015 at 2.2 porsiyento sa 2016. Ang ekonomikong paglago ng Ontario ay lumalagpas na sa pambansang paglago, at inaasahang magpatuloy na kasama sa pinakamalakas sa Canada sa susunod na dalawang taon.

Nag-aalala ang mga taga-Ontario tungkol sa estado ng ekonomiya at paano ito makakaapekto sa kanila at sa kaniang mga pamilya. Iyan ang dahilan kung bakit pinapakita ang *Budget* nang mas maaga sa mga susunod na taon, upang ang mga pamilya at negosyo ng Ontario ay makakakita kung paano gumana ang plano ng pamahalaan para lumikha ng mga trabaho at palaguin ang ekonomiya at paano patuloy gagana ang plano para bumuo ng mas maraming oportunidad at seguridad para sa mga tao.

Ang plano ng pamahalaan ay lumilikha ng magagandang trabaho ngayon sa mga komunidad sa buong Ontario sa pamamagitan ng pamumuhunan sa imprastraktura sa mababang karbong ekonomiyang pinatatakbo ng inobatia, mataas ang paglago, naaayon sa export na mga negosyo. Ang pamumuhunan sa mga talento at kahusayan ng mga tao, at ang *2016 Budget* ay makakatulong sa mas maraming taong makakuha at lumikha ng mga trabaho para sa hinaharap sa pamamagitan ng pagpapalawak sa access sa mataas na kalidad na edukasyon sa kolehiyo at unibersidad. Tinutulungan din ng plano ang mga taga-Ontario na makakamit ng mas segurong pagreretiro.

Nasa tamang landas ang plano ng pamahalaan na balansihin ang budget sa 2017–18.

Pamumuhunan sa Mga Talento at Kahusayan ng Mga Tao

Ang may mataas na edukasyong puwersa ng manggagawa ng Ontario ay isa sa pinakamahusay na lakas nito. Para matulungan ang lahat ng mga taga-Ontario na maabot ang lubos nilang potensiyal at magtagumpay sa nagbabagong ekonomiya, binabago ng pamahalaan ang tulong sa mag-aaral para sa postsecondary na edukasyon ng Ontario para gawin itong transparent, nasasa-oras at nakatuon sa mga mag-aaral na may pinakamalaking pangangailangang pinansiyal.

Gagawa ang pamahalaan ng simpleng, naka-integrate na grant at utang na kontribusyon ng pamahalaan sa simula ng taon ng pag-aaral — ang Grant sa Mag-aaral ng Ontario (Ontario Student Grant) (OSG) — simula sa taon ng pag-aaral na 2017–18. Sa ilalim ng panukalang sistema, ang karaniwang matrikula sa kolehiyo at unibersidad ay magiging libre para sa mga mag-aaral na kumikita ng $50,000 o mas mababa, at ang matrikula ay magiging mas abot-kaya para rin sa mga pamilyang nasa gitna ang kita.

Mahigit sa 50 porsiyento ng mga mag-aaral mula sa mga pamilya na may kitang $83,000 o mas mababa ay makakatanggap ng hindi-muling babayarang mga grant na lagpas sa karaniwang matrikula, at walang mag-aaral sa Ontario ang makakatanggap ng mas mababa sa pamamagitan ng OSG kaysa sa kasalukuyang nararapat sa kanila sa pamamagitan ng Grant sa Matrikula ng Ontario (Ontario Tuition Grant).

Ang mga mag-aaral ng mga pamilyang may taunang kita na mas mababa sa $50,000 ay walang probinsiyal na utang ng mag-aaral. Palalawakin din ng pamahalaan ang pinansiyal na suporta sa mga mature at may asawang mga mag-aaral at ang access sa walang interes at murang mga utang para sa mga pamilyang may gitna- at mas mataas na kita ay tataasan sa pamamagitan ng pagbabawas sa inaasahan nilang kontribusyon ng magulang.

Karamihan ng mga mag-aaral ay magkakaroon ng mas kaunting utang na mayroon sila sa ilalim ng kasalukyang sistema, at ang pinakamalaking antas ng utang ng Programang Tulong sa Mag-aaral ng Ontario (Ontario Student Assistance Program) ay lilimitahan sa $10,000 kada taon para sa mga pamilyang mas malaki ang kita. Patuloy ang Ontario na magbibigay ng pinansiyal na tulong sa mga mag-aaral na nahihirapang bayaran ang mga utang nila bilang mag-aaral.

Pagtayo sa Pinakamalaking Pamumuhunan sa Imprastraktura sa Kasaysayan ng Ontario

An pagtayo at muling pagbibigay bugay sa pampuplikong imprastraktura ay kritikal sa pagpapalakas sa ekonomiya ng Ontario at paglikha ng mga trabaho para ngayon at bukas. Sa *Budget* na ito, namumuhunan ang pamahalaan ng mahigit sa $137 bilyon sa susunod na 10 taon sa mga kalye, tulay, pampublikong transportasyon, ospital at mga paaralan. Magreresulta iyon sa $160 bilyon sa mahigit 12 taon, simula sa 2014–15, na pinakamalaking pampublikong imprastraktura sa kasaysayan ng Ontario. Ang mga planadong pamumuhunang ito ay magsusuporta sa mahigit sa 110,000 trabaho sa bawat taon bilang karaniwan.

Nananatiling nasa tamang landas ang Probinsiya na gumawa ng $5.7 bilyon sa paglipas ng panahon mula sa pag-mamaximize ng halaga ng mga ari-ariang pag-aari ng pamahalaan — mas mataas ng $2.6 bilyon sa orihinal na inaasahan sa *2014 Budget*. Ang mga netong kitang nakamit sa pagbenta ng mga kuwalipikadong ari-arian ay idededika sa Trilyum na Trust (Trillium Trust) para matulungang pondohan ang pampublikong transit, transportasyon at ibang priyoridad na imprastraktura.

Pagkandili sa Mas Dinamiko at Inobatibong Kapaligiran sa Negosyo

Para palaguin ang ekonomiya at lumikha ng mga trabaho, ang plano ng pamahalaan ng Ontario ay patuloy na pababain ang mga gastos ng negosyo, pataasin ang pamumuhunan sa pamamagitan ng mga istratehiyong pagsososyo, tulungan ang mga negosyong maging pandaigdigan at palakasin ang sektor ng mga pinansiyal na serbisyo. Gumagawa din ang pamahalaan ng istratehiya sa pagbabahagi ng ekonomiya at pagbabago ng istratehiya sa panlipunang enterprise ng Probinsiya.

Ang pandaigdigang ekonomiya ay sumusulong patungo sa pagpeperesyo ng karbon. Itinatakda ng *2016 Budget* ang yugto para magsubasta ang Ontario ng mga allowance sa karbon sa 2017. Sa dahilang iyan, nagpapanukala ang pamahalaan ng programa ng sistema ng limitasyon at kalakal para matulungan ang Ontario na matugunan ang mga target nito sa pagbabawas ng greenhouse gas (GHG), magantimpalaan ang mga inobatibong kompanya at matiyak na ang mga tahanan at negosyo ay mabuhay sa loob ng paglipat sa mababang karbon na ekonomiya. Lahat ng mga makukuha mula sa programa ng sistema ng limitasyon at kalakal, na inaasahang nasa $1.9 bilyon sa 2017, ay gagamitin para mamuhuhan sa mga proyekto para sa kapaligiran.

Patuloy ring nilalabas ng pamahalaan ang Inisyatibo nito sa Paglago ng Negosyo (Business Growth Initiative), isang limang-taong $400 milyong istratehiya upang mapabilis ang paglipat ng Probinsiya patungo sa mataas na paglagong, makabagong ekonomiya at matulungan ang mga negosyong lumago. Gagawin din nitong moderno ang sistema ng regulasyon at pababababain ang halaga ng pagnenegosyo sa probinsiya.

Pagpapalakas sa Seguridad sa Pagreretiro

Para mabawasan ang puwang sa naipon sa pagreretiro, pinatutupad ng pamahalaan ang Plano sa Pensiyon sa Pagreretiro ng Ontario (Ontario Retirement Pension Plan) (ORPP), na makakatulong sa mga nagtatrabaho na taga-Ontario na mag-ipon para sa kanilang pagreretiro. Papunta na ang pamahalaan sa pagkamit ng layunin nito na matiyak na sa pagsapit ng 2020, lahat ng mga nararapat na manggagawa sa Ontario ay masasakop ng maihahambing na plano sa lugar ng trabaho o ang ORPP. Para matiyak ang matagumpay at suwabeng pagpapatupad, maglulunsad ang Korporasyon ng Administrasyon ng ORPP ng proseso ng pagpapatotoo at pagpapalista ng employer sa 2017 na may pagkolekta ng kontribusyon ng employer at empleyado simula sa 2018.

Kasabay nito, nananatiling naninindigan ang Ontario na makahanap ng solusyon na magpapahintulot sa na matugunan ang mga pangangailangan ng mga empleyado ng Ontario sa ilalim ng pambansang baangkas. Makikipagtulungan ang pamahalaan ng Ontario sa pederal na pamahalaan, mga probinsiya at mga teritoryo sa pagpapahusay sa Planong Pensiyon ng Canada (Canada Pension Plan) (CPP) na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga magreretiro sa hinaharap. Ang pangunahing layunin ay para maghanap ng mga paraan para matugunan ang mga layunin ng ORPP sa pinahusay na balangkas ng CPP, habang pinepreserba ang kakayahang ipatupad ang ORPP, kung hindi ito posible.

Pagbuo ng Patas na Lipunan

Binibigyan ng Probinsiya ang mga tao ng mga oportunidad at suportang kailangan nila upang makamit ang ganap nilang potensiyal.

Naninindigan ang pamahalaang baguhin ang mga serbisyo upang ang mga taong may developmental na kapansanan ay maging mas independiyente. Ina-update din ng pamahalaan ang Pangmatagalang-Panahong Istratehiya sa Abot-kayang Pamamahay (Long-Term Affordable Housing Strategy) para ipagpatuoy ang transpormasyon ng sistema ng pabahay at kawalan ng tahanan ng Ontario, tumututok sa naaayon at madadalang mga benepisyo na tumutugon sa mga nagbabagong pangangailangan sa pabahay ng indibiduwal.

Patuloy na sumusuong ang Probinsiya sa Istratehiya sa Mga Espesyal na Pangangailangan (Special Needs Strategy) nito para matulungan ang mga bata at kabataan na mga mga espesyal at masalimuot na pangangailangan na makatanggap ng nasasa-oras at epektibong serbisyo sa bahay, sa paaralan, sa komunidad habang nagiging adult sila. Namumuhunan din ang Ontario ng $333 milyon sa limang taon upang baguhin ang disenyo at pabutihin ang mga serbisyo sa autism.

Nitong 2016, bubuo din ang pamahalaan sa mga nakaraan nitong pamumuhunan sa panlipunang tulong sa pamamagitan ng pagpapataas ng mga rate ng 1.5 porsiyento para sa mga adult na nakakatanggap ng Mga Pagtatrabaho sa Ontario (Ontario Works) at mga taong may kapansanang umaasa sa Programa ng Ontario sa Suporta sa Kapansanan (Ontario Disability Support Program). Pupunan din ang Probinsiya ang mga may pinakamababang rate ng panlipunang tulong — mga single na walang mga anak na nakakatanggap ng Mga Pagtatrabaho sa Ontario (Ontario Works) — dinadala ag kabuuan nilang dagdag sa $25 kada buwan na mas mataas ng $100 sa natanggap nila noong 2012.

Sa pamamagitan ng mga nasabing inisyatibo tulad ng Magkaksamang Paglalakad: Isang Pangmatagalang-Panahong Istratehiya para Tapusin ang Karahasan Laban sa Mga Katutubong Kababaihan (Walking Together: A Long-Term Strategy to End Violence Against Indigenous Women) at pagkilos sa mga rekomendasyon ng Komisyon ng Canada sa Katotohanan at Rekonsilyasyon (Truth and Reconciliation Commission of Canada), pinabubuti ng pamahalaan ang mga panlipunang kalagayan at ekonomikong oportunidad sa Mga Katutubong tao.

Patuloy ring binabago ng pamahalaan ang unibersal na sistema sa pag-aalaga ng kalusugan para bigyan ang mga taga-Ontario ng mas mabilis na access sa tamang pag-aalaga, ngayon at sa hinaharap. Kasama sa mga tinatampok ang pagdagdag sa pagpopondo sa mga ospital ng $345 milyon; pagpapababa sa mga oras ng paghihintay para sa mga pangunahing serbisyo; paglikha ng mas pinagsamang, batay sa koponang pangunahing pag-aalaga; pagkakaroon ng mas maraming pag-aalaga sa tahanan at komunidad; pagpapanukalang gawing libreng makukuha ang bakuna sa shingles para sa mga senior na nasa edad na 65 hanggang 70 — makatitipid sila ng mga $170 sa mga gastos na mula sa bulsa; at pamumuhunan ng karagdagang $75 milyon sa mga naka-base sa komunidad na mga residensiyal na

hospisyo at pampaginhawang pag-aalaga, sa kabuuang pamumuhunan ng mga $155 milyon sa tatlong taon.

Pinadadali ang Pang-araw-araw na Buhay

Nagpapakilala ang pamahalaan ng maraming inisyatibo para mapabuti ang pang-araw-araw na buhat para sa mga taga-Ontario. Kabilang dito ang pagpapababa ng mga bayad sa paradahan sa ospital para sa mga madalas gumamit, pag-alis ng bayad $30 Drive Clean na pagsusuri sa mga emisyon, pagtulong sa gastos sa koryente at enerhiya, pagbawas sa mga rate ng insurance ng sasakyan at paggamit ng teknolohiya para mas kumbinyenteng maghatid ng mga pampublikong serbisyo.

Dinagdagan ng pamahalaan ang pagpili ang dali para sa mga taga-Ontario sa responsableng pagpapalawak ng pagtinda ng serbesa sa mga tindahan ng grocery, at pinalalawak na tin ang pagbenta ng alak. Sa tagalagas ng 2016, hanggang 70 tindahan ng grocery ang pahihintulutang magbenta ng alak, serbesa at cider nang magkakasama sa buong Ontario. Sa kalaunan, ang alak ay mabibili sa hanggang 300 tindahan ng grocery.

Mahusay na Pamamahalang Piskal

Patuloy na namumuhunan ang pamahalaan sa ekonomiya, mga tao at malusog, malinis at masaganang mababang karbon na hinaharap, habang tinatalo ang mga piskal nitong target. Ang mga pamumuhunang ito ay magpapabuti sa mga pampublikong serbisyo kung saan umaasa ang mga taga-Ontario, pati na pagpapasigla sa paglago. Ang magagandang trabaho at lumalagong ekonomiya ay ang mga pinakamahusay na paraan para suportahan ang mga pamilya sa Ontario at kumita sa daan patungo sa balanse at pangmatagalang pagsagana.

Umaasa ang pamahalaan sa kakulangang $5.7 bilyon sa 2015–16 — isang pagbuti ng $2.8 bilyon kumpara sa inaasahan sa *2015 Budget* at $1.8 bilyon kumpara sa nakalatag na nilalayon sa *Ekonomikong Pananaw at Piskal na Pagrepaso ng Ontario* sa 2015 (*2015 Ontario Economic Outlook and Fiscal Review)*. Ito rin ay $4.6 bilyong pagbuti kumpara sa 2014–15 kakulangan na $10.3 bilyon.

Nasa landas ang Probinsiya para matalo ang target nito sa kakulangan sa ika-pitong magkakasunod na taon. Sa pagpapatuloy na matalo ang mga piskal nitong target, ang naipong kakulangan ng Probinsiya ay naging mas mababa ng $30 bilyon kaysa sa maaari.

Umaasa ang pamahalaan ng kakulangang $4.3 bilyon sa 2016–17, nagsasalamin ng paghusay ng $0.5 bilyon kumpara sa inaahasan sa *2015 Budget*. Umaasa rin ang pamahalaan na matutugunan nito ang paninindigan nitong bumalik sa balanse sa 2017–18 — ang resulta ng planong alisin ang kakulangan na unang nailatag sa *2010 Budget*. Bilang indikasyon ng mas mahusay na pagpapanatili sa pamamahala ng Probinsiya sa utang nito, ang neto-sa-GDP ay inaasahang maging pinakamataas sa 39.6 porsiyento sa 2015–16, manatiling lebel sa 2016–17 at magsimulang bumaba sa 2017–18.

Sa pag-asang patuloy na paglaki ng ekonomiya at ang patuloy na paninindigan ng pamahalaan na baguhin ang mga programa at serbisyo ng pamahalaan, inaasahan ang Ontario na mananatiling balanse sa 2018–19.

SIPI

"Sinusuportahan ng ekonomikong plano ng Probinsiya ang magagandang trabaho ngayon sa mga komunidad sa buong Ontario sa pamumuhunan sa imprastraktura at sa mababang karbong ekonomiya na sinusulong ng inobatibo, mataas na paglagong, nakatuon sa export na mga negosyo. Namumuhunan ang plano sa mga talento at kahusayan ng mga tao at kanilang kakayahang makakuha at lumikha ng mga trabaho para sa hinaharap, sa pagpapalawak ng access sa mataas na kalidad na edukasyon sa koehiyo at unibersidad. Tinutulungan din ng plano lahat ng mga taga-Ontario na makakamit na mas segurong pagreretiro."

— Charles Sousa, Ministro ng Pananalapi (Minister of Finance)

MGA MABIBILIS NA KATOTOHANAN

- Ang tunay na GDP ng Ontario ay tumaas ng 2.5 porsiyento sa 2015, nilalagpasan ang pambasang karaniwan.
- Nagbabalak ang Probinsiyang magbigay ng $12 bilyon sa loob ng 10 taon sa mga grant sa puhunan sa mga ospital para patuloy na magtayo ng mahalagang imprastraktura. Sa buong probinsiya, tinatayang 35 pangunahing proyekto ng ospital ay ginagawa na o nasa iba't ibang yugto ng pagpaplano.
- Nagbibigay ang Probinsiya ng $3 bilyon sa mga grant ng puhunan sa loob ng 10 taon sa mga postsecondary na institusyon para bigyan ang mga mag-aaral ng access sa mataas na kalidad ng mga programang mas malapit sa bahay at magbigay sa pagbuo ng mas matibay na ekonomiya.
- Ang puwersa ng manggagawa ng Ontario na may mataas na edukasyon ay isa sa painakamahusay nitong lakas. Noong 2014, 66 porsiyento ng mga adult sa Ontario ay may postsecondary na kredensiyal, tumaas mula sa 56 porsiyento noong 2002 — mas mataas sa mga rate para sa anumang bansa sa Organisasyon para sa Ekonomikong Pagtutolungan at Kaunlaran (Organisation for Economic Co-operation and Development).
- Para makatanggap ng pampublikong input para sa *2016 Budget ng Ontario*, nagsagawa ang pamahalaan ng konsultasyon bago mag-budget sa buong probinsiya. Kasama rito ang 20 kasama mismo ang tao na mga pauna-sa-budget ng mga sesyon sa 13 lungsod na may mahigit 700 tao, dalawang nasa-teleponong town hall na umabot sa mahigit sa 52,000 taga-Ontario, halos 500 nakasulat na naisumite at online na konsultasyon na may mahigit sa 6,500 gumagamit sa pamamagitan ng webiste ng Budget Talks.

MGA KARAGDAGANG DULUGAN

- Basahin ang *2016 Budget ng Ontario*
- Basain ang pananalita sa Budget
- Basahin ang background na impormasyon sa *2016 Budget ng Ontario*:
  - Pagpapahusay sa Access sa Postsecondary na Edukasyon
  - Pagtayo ng Imprastraktura ng Hinaharap Ngayon

- Pagpapalago sa Ekonomiya at Paglikha ng Mga Trabaho para sa Kinabukasan
- Pamumuhunan sa Mababang Karbon na Ekonomiya
- Pinadadali ang Pang-araw-araw na Buhay
- Isang Pagtingin sa Ekonomiya ng Ontario
- Piskal na Pananaw ng Ontario
- Pagbabago sa Pag-aalaga sa Kalusugan
- Pagtulong sa Pamamahala ng Gastos sa Koryente